

PARA SA AGARANG PAGLABAS

Kinikilala ng Lungsod ang Accessible Sports Week mula Mayo 29 hanggang Hunyo 4

BRAMPTON, ON (Mayo 17, 2022) – Ang Recreation division ng Lungsod ng Brampton, sa pakikipagtulungan sa Accessibility team ng Lungsod, ay magho-host ng Accessible Sports Week sa Brampton mula Mayo 29 hanggang Hunyo 4, sa panahon ng National Accessibility Week.

Ang Accessible Sports Week sa Brampton ay magpapakita ng hanay ng mga iniangkop na sports at mga pasilidad ng Lungsod, programa at mga serbisyo. Nagsisikap ang Lungsod na tanggalin ang mga balakid sa paglahok sa buong taon, at para matiyak na ang lahat ng residente ay may access sa mga serbisyo sa libangan, kabilang ang malawak na hanay ng sport at fitness programming.

Kabilang sa mga event ang sari-saring try-it sports sa buong linggo, kabilang ang wheelchair basketball, sitting volleyball, sledge hockey, at marami pa. Ang Accessibility Fair at Multi-Sport Showcase ay gaganapin sa Sabado, Hunyo 4 sa Save Max Sports Centre mula 1 hanggang 5 pm. Hindi kailangan ang pagpapa-register. Ang lahat ng event ay libre, drop-in na mga programa.

Ang isang inclusion dinner at dance ay magaganap sa pagdiriwang ng National Accessibility Week sa Biyernes, Hunyo 3 sa Loafer's Lake Recreation Centre mula 6:30 hanggang 10:30 pm. Kailangan ang pagpapa-register.

[Mag-click dito para malaman ang higit pa tungkol sa Accessible Sports Week events.](#)

Ibigay ang iyong feedback sa Multi-Year Accessibility Plan ng Lungsod

Ang Multi-Year Accessibility Plan (MAP) ng Lungsod ng Brampton para sa 2022 hanggang 2026 ay ang plano ng Lungsod para ipagpatuloy na mabawasan, maiwasan at tanggalin ang mga balakid sa pagiging accessible, at dagdagan ang pagiging accessible ng ating mga programa, serbisyo at pasilidad.

Binabalangkas ng MAP ang mga aksyon na ginagawa natin para mag-engage sa mga negosyo, patibayin ang ating pundasyon at itaguyod ang pagbabago ng kultura, na magpapahintulot sa mga mamamayan ng Brampton na sumali sa araw-araw na mga aktibidad, kabilang ang pagtatrabaho; paggamit sa public transit; paggamit sa mga online na serbisyo; paglahok sa mga event ng sport at kultura; at pag-enjoy sa mga pasilidad na libangan, mga parke at iba pang pampubliko na mga espasyo.

Kasalukuyang humihingi ang Lungsod ng feedback kaugnay ng draft MAP. [Mag-click dito para ibahagi ang inyong mga iniisip sa isang maikling survey.](#)

Mga Quote

“Hinihikayat ko ang bawat isa na sumali sa amin sa pagkilala sa National Accessibility Week at Accessible Sports Week sa Brampton mula May 29 hanggang Hunyo 4. Ang Brampton ay isang Nakakalusog at Ligtas na Lungsod, kung saan ang lahat ng residente ay may access sa mga serbisyong panlibangan para sa kanilang kabutihan.”

- *Patrick Brown, Mayor, Lungsod ng Brampton*

“Ang Multi-Year Accessibility Plan ng Lungsod para sa 2022 hanggang 2026 ay susuporta sa pagiging accessible ng ating mga programa at inisyatiba, tulad ng Accessible Sports Week, mga serbisyo at pasilidad sa Brampton. Mangyaring maglaan ng panahon na ibahagi ang inyong mga iniisip sa balangkas ng plano, na makakatulong sa pagpapaganda ng ating lungsod – para sa lahat.”

- *Rowena Santos, Rehiyonal na Konsehal, Wards 1 at 5; Chair, Community Services, Lungsod ng Brampton*

“Sa Accessible Sports Week na ito, ang mga Bramptonian ay pwedeng magpatala sa malawak na hanay ng sport at fitness programming para sa mga pangangailangan nila. Tinatanggal namin ang mga balakid sa pagsali sa pamamagitan ng pag-host ng iniangkop na sports para ang lahat ay mananatiling malusog at aktibo.”

- *Pat Fortini, Rehiyonal na Konsehal, Wards 7 at 8, Miyembro ng Accessibility Advisory Committee Council, Lungsod ng Brampton; Miyembro, Region of Peel Accessibility Advisory Committee*

“Ang staff ng Lungsod ay dedicated sa pagbibigay ng nagsasali sa lahat ng programa sa recreation. Ipagdiwang ang Accessible Sports Week sa pamamagitan ng pagdalo sa mga event, at magbigay ng inyong feedback sa bagong Multi-Year Accessibility Plan ng Brampton.”

- *Paul Morrison, Interim Chief Administrative Officer, Lungsod ng Brampton*

-30-

Bilang isa sa napakabilis na lumalaking lungsod sa Canada, ang Brampton ay tahanan ng 700,000 tao at 75,000 negosyo. Ang mga tao ang nasa gitna ng lahat ng ginagawa natin. Napapalakas tayo ng ating diverse na mga komunidad, hinihikayat natin ang pamumuhunan, at sinisimulan natin ang isang paglalakbay para pangunahan ang teknolohikal at pangkapaligirang inobasyon. Nakipag-partner tayo para sa pag-unlad upang magtayo ng isang nakalulusog na lungsod na ligtas, sustenable at matagumpay. Kumonekta sa amin sa [Twitter](#), [Facebook](#), at [Instagram](#). Alamin ang higit pa sa www.brampton.ca

KONTAK NG MEDIA

Multicultural Media ng Lungsod ng Brampton
multiculturalmedia@brampton.ca